# 1

It was supposed to be Sarah's happiest day. Maraming tao ang nasa bakuran na napapalamutian ng sari-saring puting bulaklak at ilan pang ribbons na sadyang ikinabit para sa isang simple ngunit romantikong kasal. Sa *Rancho Villahermosa* ginaganap ang okasyon. Tila wala sa sariling napangiti siya nang mapakla. Parang kay bilis ng mga pangyayari. Sa isang kisap-mata, hindi na siya maaaring magbago ng pasya. Marahang dinama ng kamay niya ang kanyang noo.

Masaya ang lahat ng mga panauhin at parang nais din niyang magsaya. Ngunit isang kakaibang damdamin ang sumibol sa puso niya. Kung tama ba ang ginawa niyang pagpapakasal sa lalaking ngayon ay pinagmamasdan niya mula sa kinaroroonan nito habang nakikipagtawanan sa kanilang bisita.

Kung alam lamang ng mga panauhin nila….

Tila naramdaman ng lalaki ang mga mata niyang nakatuon dito, lumingon ito at nginitian siya. Kaagad na nag-init ang mga pisngi ni Sarah. Bumalik sa isip niya ang isang pangyayari kanina….

*"You may now kiss the bride." Tila nanunudyo pa ang tinig ng pari sa tainga niya. It was a sign that the ceremony had ended. Mrs. Antonio Villahermosa na siya mula ngayon.*

*Nagulat siya nang hawakan siya ng asawa sa siko, in a very gentle way. Hindi siya nagsalita nang itaas nito ang belo na nagtatakip sa kanyang mukha—ang tanging nagkukubli sa kanyang tunay na nadarama. She stared past him, from his lips up to his eyes.*

*Ngunit wala siyang mabasang anumang emosyon sa mga mata nito. Gising na gising ang kanyang diwa subalit nang hawakan nito ang kanyang batok, bigla siya nanginig. And when he bent slowly and claimed her lips, she closed her eyes. The touch of the soft lips closing in on her own was the only thing in her mind. Pakiramdam niya ay isang panaginip lamang ang nangyayari.*

*The sound of hands clapping and shouts from the crowd along with the light that flashed from a camera brought her back to reality.*

*Nang imulat niya ang mga mata, she met the deep-set eyes of Anton. They were smiling at her. Or was it mockery?*

*Napatitig siya sa mga mata ng lalaking asawa*

*na niya ngayon upang mabasa ang emosyon na nakapaloob doon. He looked like the happiest man on earth... on his wedding day.*

Bumalik ang isip ni Sarah sa kasalukuyan. Napansin niyang nakatingin pa rin si Anton sa kanya. She looked away from her husband's teasing gaze.

---

Pinihit ni Sarah pabukas ang knob ng pinto ng silid na magiging kuwarto na rin niya simula ngayon. Sandali siyang natigilan nang mapagmasdan ang kabuuan niyon. Ang alam niya ay silid ito ni Anton at inaasahan niyang makikita itong tulad ng isang kuwarto ng tipikal na lalaki. Subalit iba ang nakikita niya. Tila isang silid sa isang five-star hotel ang napasukan niya. Napasulyap siya sa kama at natigilan siya. It was Anton's bed but starting tonight, it would also be hers.

Saglit siyang pumikit matapos suyurin ang kabuuan ng silid, trying to familiarize herself with the strange place. And she asked herself, would she stay here for long? Or only for the meantime?

---

Matapos matiyak na nililigpit na ng mga tauhan ang mga ginamit sa kasal, iniwan na ni Anton ang

mga ito. Papasok na siya sa loob na bahay nang makasalubong ang mga magulang. Paalis na ang mga ito.

"Mama," bati niya.

"Mauuna na kami, hijo. Malapit nang lumalim ang gabi at malayo pa ang uuwian namin ng papa mo. We're tired," ani Mrs. Theresa Villahermosa.

Tumango siya. "I understand, Ma."

"Anyway, it's your honeymoon. It'll be better kung walang istorbo," nakangiti nitong biro. "Ayaw n'yo namang mag-travel abroad so we'll leave you here. Extend our goodbyes to your wife. Napagod na yata siya. Just visit us when you're both free." Niyakap siya nito. "I'm happy for you, son."

Napangiti si Anton. "Thanks, Ma."

Tinapik naman siya ni Mr. Rodelio Villahermosa sa balikat bago niyakap. "I'm very proud of you, hijo. You made the best choice, Sarah is very pretty. Enjoy your honeymoon. Hindi na 'ko magtatampo kung tinanggihan mo man ang regalo ko sa inyong dalawa."

"Thanks, Pa." Niyakap din niya ito nang mahigpit.

"So, see you both next time. Bilis-bilisan n'yong gumawa ng bata. You know that your mom and I are longing for a grandchild," anang ama bago ito lumulan ng sasakyan. Natatawa naman si Anton habang sinusundan ng tanaw ang papalayong sasakyan ng mga ito.

*Grandchild*… He smiled and it seemed that the word mocked him from the dark.

Napabuntong-hininga si Anton matapos mapasulyap sa ikalawang palapag ng bahay.

But the image of  Sarah in his mind was driving him to the brink of insanity. Pinalis niya iyon. Nakasuksok ang dalawang kamay sa bulsa ng black slacks, marahan niyang binaybay ang hagdanan paakyat patungo sa kanyang silid.

Sandaling tumigil sa paghakbang si Anton nang marating ang pinto ng kuwarto. Pribado niyang lugar iyon at ngayon ay magiging silid na rin ng asawa niya.

*Asawa*, ulit niya sa isip. May asawa na siya! Umiiling na napangiti siya. Nagdalawang-isip siya kung papasok ng silid o maghihintay pa ng ilang sandali at hahayaan munang mapag-isa ang babae.

Pumihit siya patalikod upang bumaba sa sala.

Ngunit nakadalawang hakbang lamang siya nang muli siyang bumalik at pinihit ang doorknob ng kuwarto. Marahan niyang binuksan ang pinto.

Bumungad sa kanya ang isang napakaliwanag na silid at sa paggala ng paningin niya, tumambad sa kanya ang babaeng nakahiga sa kama, nakalawit sa dulo ang dalawang binti.

Mabilis na napahakbang si Anton patungo sa kinaroroonan nito. Pinagmasdan niya ang natutulog na babae, still in her wedding dress. Marahan siyang napaupo sa paanan ng malaking kama, sa tabi ng dalawang binti ng asawa na nakabitin sa gilid ng higaan.

"Sarah..." mahinang tawag niya, pero hindi ito tuminag. Akma niya itong tatapikin nang matigilan siya.

Napakunot-noo ang natutulog na babae. Subalit hindi niyon kayang bawasan man lang ang ganda ng mukha nito. Pinakatitigan ito ni Anton. Ito lamang ang pagkakataong mapagmamasdan niya ang asawa nang matagal, without the fear of being discovered.

Such a lovely face… and satin smooth skin. Pinagsawa niya ang mga mata sa mahahaba at makakapal nitong pilikmata. Her lids veiled her

mysterious gray eyes. It haunted him at night since that day he met her. His eyes feasted on the closer view of the sensual curve of her lips… he remembered them so soft against his own.

Pinaglandas ni Anton ang palad sa mukha nito. On her chin, up to her cheeks and down to her lips, tracing the contour of it with the tip of his finger. Ngunit kaagad niyang naitaas ang kamay nang gumalaw ang natutulog. Subalit hindi naman ito tuluyang nagising.

Maingat siyang tumayo mula sa higaan. Yumukod siya at maingat na sinalo ng kamay ang ulo ni Sarah. Ang isang braso ay inilagay niya sa likod ng mga tuhod nito, at saka niya ito iniangat mula sa kama.

Her fascinating smell made him want to hold his own breath for seconds. He felt the calm pounding of her chest and the soft breast that was pressed against him. Ibababa niya na ang asawa sa gitna ng kama nang matigilan siya. Amoy-alak ang hininga nito.

---

Pinilit niyang idilat ang namimigat pang talukap ng mga mata. Gusto pang matulog ni Sarah subalit

may kakaiba siyang naramdaman sa paligid niya. Iginala niya ang kanyang mga mata at natigilan. Tuluyang naglaho ang antok at nanlaki ang kanyang mga mata nang makita ang mukha ng lalaking natutulog sa tabi niya. Mabilis siyang napabangon, hawak ang kumot na nakatakip sa kanya.

Kaagad niyang sinipat ang sarili nang makababa ng kama. She did not remember changing clothes, at nakatulog na pala siya nang hindi niya namalayan. Itinaas niya ang kamay upang tingnan ang oras para alamin kung gaano na katagal siyang nakatulog. Subalit wala sa braso niya ang kanina ay suot na relo. Napalingon siya.

Nakapatong na sa tabi ng lampshade ang wristwatch niya. Nakasuot na rin siya ng isang pares ng pajamas. Binihisan siya ni Anton habang siya ay natutulog? Suddenly, she felt conscious…

Nakita na nito ang katawan niya? Napalunok siya. Sandali siyang nakiramdam.

Wala namang bago sa kanyang katawan maliban sa namimigat na ulo. Humakbang siya at inabot ang wristwatch; madaling-araw pa lamang. Muli siyang napalingon sa lalaking natutulog at wala sa sariling pinagmasdan ito.

From his very handsome face to the broad shoulders, his hard chest and the strong yet gentle arms, she knew he was every woman's dream groom. She could still remember how his kiss affected her in such a way that she felt herself melting… and almost forgetting that everything was just a 'deal.'

Ganoon ba siya ka-undesirable? At natulog na lamang si Anton without any attempt to…

*To what?* usig ng utak niya.

Ipinilig niya ang ulo at muli ay napatitig sa lalaking natutulog. Iba ang kanilang sitwasyon sa mga karaniwang married couples. That was probably the reason….

Ngunit bakit may tila panghihinayang siyang nakapa sa puso niya?

Subalit parang tukso namang may maliit na tinig na nagtatanong sa isang bahagi ng isip niya, What if one day…? Hindi kaya siya mapaso kapag....

She shook her head to drive away those erotic thoughts in her mind. Humakbang siya patungo sa bintana at ilang sandaling tumayo sa tapat niyon. Ngunit nang makadama ng ginaw ay umalis siya roon at muling napatapat sa malaking kama. Gusto pa niyang umamot ng tulog, lalo at malayo pa ang

umaga. Subalit nagtatalo ang isip niya kung babalik doon o hindi.

Bandang huli, nanalo ang kanyang kagustuhang matulog pa. Maingat siyang sumampa sa kama. Muli niyang itinakip sa katawan ang makapal na kumot.

Subalit hindi pa natatagalan mula nang humiga siya ulit, gumalaw ang kanyang asawa. She held her breath nang bumagsak sa tiyan niya ang isang kamay nito. Nanigas siya nang tila isang batang naghanap ito ng init sa katawan niya. Umusod ito palapit at umuungol pang isiniksik ang mukha sa leeg niya at binalot ng isang mahabang binti nito ang kanyang mga hita. Ang mainit nitong hininga ay tila munting apoy na iniihip sa balat niya—naghahatid ng kiliti sa kanyang pandama. At ang banayad na tibok ng puso nito ay sumasabay sa paputul-putol na tibok ng puso niya.

Nahigit ni Sarah ang hininga. Bakit ganoon? Dapat ay itinulak na niya palayo ang lalaki, ngunit hindi niya magawa. Bakit iba ang nararamdaman niya?

Gusto niya ang init na hatid ng katawan nito maging ang pakiramdam ng mga braso nitong nakapalibot sa kanyang katawan. Tila nagsasabi iyon na huwag siyang mangamba sa anumang bagay…

that she should close her eyes and relax. Muli itong umungol, pulled her closer to him. At nagpaubaya siya.

Snuggling to the comfort of his embrace, bumalik sa isip ni Sarah ang mga pangyayari na nagdala sa kanya sa sitwasyong ito ngayon....

# 2

*A few months ago....*

Madilim na ang paligid at panaka-nakang gumuguhit ang kidlat sa kalawakan. Makapal at maitim din ang mga ulap na inihahatid ng may kalamigang ihip ng hangin. Nagbabadya iyon ng paparating na ulan.

Ngunit sa gitna ng masukal na kahuyan, naroon si Sarah. She was wearing her white long-sleeved polo, knee-length maong pants and riding boots. Nakasuot siya ng malapad na sombrero, ang tali niyon ay nakakabit sa ilalim ng baba niya. Nakapaloob sa straw hat ang mahaba niyang buhok.

She was kneeling in front of her white mare na kanina pa niya kinakausap para tumayo. Subalit ayaw sumunod ng hayop. Dahil sa takot sa kidlat at kulog, nawalan ito ng balanse habang tumatakbo sa nag-uumpisa nang magputik na daan. Nilinga niya ang paligid na kinaroroonan. Nag-iisa lamang siya roon. Bigla siyang natigilan nang makarinig ng mga yabag ng mga kabayong paparating, patungo sa kinaroroonan niya.

Ang alam niya nasa boundary siya ng lupain nila at ng katabing rancho.

"Sino ka? Ano'ng ginagawa mo dito sa loob ng *Rancho Villahermosa*?" tanong ng isang matapang na tinig.

Naisip ni Sarah na maaaring tauhan ng rancho ang mga lalaki. Sandaling naibsan ang takot niya. "Ayaw nang maglakad ng kabayo ko. Hindi kami makaalis," paliwanag niya habang marahang tumatayo.

"Humarap ka at itaas ang mga kamay," anang isang tinig na nag-uutos. She suppressed herself from laughing. Hindi kaya naisip ng mga ito na wala siyang kakayanan para gawan ang mga ito ng masama? Kunsabagay, marami rin namang babaeng tulisan.

Unti-unting pumatak ang ulan kasabay ng malamig na hangin.

"Mang Simon…" tawag ng nakababatang lalaki sa kasama nito. Sakay ang kabayo, papalapit ito sa kinaroroonan ng dalagang bahagyang nakataas ang mga kamay.

"Hindi tayo nakakasiguro, hijo," sagot ng matanda.

"Please… hindi ako masamang tao kung 'yon ang iniisip ninyo," sabi ni Sarah.

Napakunot-noo si Anton sa tinig na narinig. It was a soft, cultured voice. Napabilis ang pagbaba niya sa kabayo kasunod ng tauhan nito.

"Ano ang ginagawa mo dito sa ganitong oras?" May paghihinala sa tinig ng binata.

"Look—"

"Magtanggal ka ng sombrero," utos nito na pinutol ang anumang pagpapaliwanag niya. Hinagod nito ng tingin ang babaeng hindi makita nang husto ang mukha. Binti lang nito ang nakalitaw. Maputi at makinis ang mga iyon.

Napagtuunan ni Sarah ng pansin ang binata. Madilim ang paligid at umuulan pa kaya malabo ang tingin niya sa mukha ng mga lalaking kaharap niya.

She only noticed the strong line of the pointed nose and the deep-set black eyes of the younger man. Bahagya niyang itinaas ang mukha at saka inalis ang takip ng ulo. Kasabay nito ang pagbagsak ng mahaba at unat niyang buhok, veiling her face.

Lumapit si Anton. And he swore nang

mapagmasdan ang di-kilalang babae. Napakagandang nilalang nito sa gitna ng nag-uumpisa nang mag-alimpuyong panahon.

"Who are you and what are you doing in this place at this time? Alam mo bang mapanganib ang lugar na 'to para sa tulad mo?"

Sandaling natigilan ang dalaga sa aroganteng tinig ng kaharap. Itinaas niya ang mukha. "As I've told you—"

Ngunit hindi na niya naituloy ang sinasabi dahil pahalbot nitong inabot ang sombrero mula sa kamay niya at iabot iyon sa matandang kasama nito.

"Kayo na ang bahala d'yan sa kabayo niya," anito bago ibinalik ang pansin sa kanya. "Who knows kung ano pa ang mangyayari sa 'yo dito. Tayo na," mabilis nitong pasya and held out his hand to her.

"What?" maang niyang tanong.

"Kailangan mong makaalis sa lugar na 'to. You need help, natitiyak ko. At nagmamadali rin kami, Miss. Tayo na." Muli ay inalok nito ang kamay.

May pag-aalalang napatitig si Sarah sa mga mata nito. "Pero si Lucky ko…" tukoy niya sa kabayo.

"Huwag kang mag-alala. Walang mangyayari sa

'yong masama," may pagkainip nitong sabi at tila siya isang papel na sinaklit nito sa baywang upang isampa sa kabayo nito.

"What do you think you're doing!" protesta niya.

"Lalakas pa ang ulang ito, Miss. At tinitiyak ko sa iyong wala nang mapapadaan pa dito para mahingan mo ng tulong," walang-anumang paliwanag nito. Mabilis na sumakay ito sa kabayo at pumuwesto sa likuran niya.

Hindi rin naiintindihan ni Anton kung bakit niya iyon ginawa. Somehow, he felt a sudden urge to help her. Strange, but he wanted to protect those beautiful pair of legs, the slender waist and smooth arms of the beautiful girl na ngayon ay nasa harap na niya at nakapaloob sa mga bisig niya.

Binatak niya ang renda.

Kasabay ng mas malakas pang buhos ng ulan at ihip ng malamig na hangin, mabilis niyang pinatakbo ang kanyang kabayo.

---

"Taga-saan ka?" tanong ni Anton.

"Manzano," mabilis na tugon ng dalaga.

Iyon din ang apelyido niya. 'Manzano' ang kinagawiang itawag sa malawak nilang lupain, ipinangalan iyon mula sa kanilang ninuno na kilalang pilantropo.

Huminga siya nang malalim. Bakit ganoon? She felt comfortable being enclosed by this man's strong arms. Hindi ba dapat kabaligtaran ang nararamdaman niya? Hindi niya kilala ang kasama niya.

Nabasa na sila nang tuluyan ng ulan at pinahid niya ng kamay ang mukhang dinaluyan niyon.

Muling sinalakay ng kaba si Sarah kung saan patungo ang ginawa niyang pagtitiwala. But did she have a choice?

Mabilis ang ginawa niyang paglingon sa lalaki. Sa ginawa niya ay muntik nang nagdikit ang mga labi nila. Kaagad siyang bumaling paharap habang napapalunok. He was handsome kahit dinadaluyan ng tubig-ulan ang mukha nito.

"I'm Sarah Manzano. Ikaw?" she asked to ease the tension between them.

Narinig niya ang pag-ungol nito bago siya sinagot, "I'm Anton Villahermosa. Alam mo ba na kung ibang tao ang nakakita sa 'yo ay malamang na

bukas nasa himpilan ka na ng pulisya para magsampa ng kasong rape? Or worse, hindi na rin dahil baka patayin ka na pagkatapos."

"Oh!" kinikilabutang saad ng dalaga. Pero hindi naman niya sinadyang gabihin sa pangangabayo at mapilayan ang alaga niya.

"Yes. Maraming nangyayaring ganyan sa mga tulad mong—"

"Tatanga-tanga?" dugtong ni Sarah.

"Sinabi mo," sagot nito, bahagyang napangiti.

"Thank you, Mr. Villahermosa," malamig niyang sabi. "This isn't the way to my home," paalala niya nang mapunang iba ang daang tinatahak nila. Sa pangangabayo niya, ito ang pangalawang beses na siya ay naligaw.

"May kalayuan pa ang patungo sa inyo, Miss Manzano. Basang-basa na ako sa ulan at hindi ko gustong magkasakit."

"At saan tayo pupunta?" mabilis niyang tanong.

"Sa *Rancho Villahermosa*," tipid nitong sagot

Mabilis ang ginawang paglingon ng dalaga. And her lips almost touched his again. "You mean I have

to stay there?"

Nagkibit-balikat ito. "If you want."

"No."

"Okay. Pero malakas ang ulang ito. We need to wait until the rain subsides. Don't worry, ipapahatid kita."

"Can I trust you?" Napalakas ang tinig niya dahil malakas na talaga ang ulan.

"Yes, if you think I'm worthy of your trust."

She sighed. "I want to trust you. I need your help. And I'd be thankful if you'll bring me home… safely."

"Trust me then.."

Hindi na nagsalita si Sarah. Ipinagpalagay niya na ito ay anak ng may-ari ng rancho, batay sa mukhang nakita niya at sa kilos nitong may awtoridad. Natatanaw na niya ang may kalakihang bahay. Moderno ang istilo niyon at hindi niya inakalang may ganoon kagarang bahay sa isang rancho di-kalayuan sa kanila. Natatanglawan ito ng mga ilaw sa paligid ng may kataasang bakal na bakod.

Huminto sila bago pa makarating sa gate. Isang lalaki ang patakbong lumapit sa kanila pagkababa ni Anton sa kabayo. Kinuha nito ang renda ng hayop.

"Come…" Inilahad ng binata ng dalawang kamay kay Sarah. She bit her lip and slid to his waiting arms.

Maingat siya nitong ibinaba sa lupa. "Tayo na." Mabilis itong naglakad; naiwan siyang matamang pinagmamasdan ang paligid. Ilang saglit bago alanganin siyang humakbang palapit sa lalaking naghihintay na pala sa kanya. Naroon ang pagkainip sa malalim nitong mga mata.

"Manang Belen…" tawag ni Anton sa may-edad na babaeng sumalubong sa kanila at nagbukas ng glass sliding door. "Pakiasikaso po ang ating bisita," utos nito at muli siyang nilingon. "Will you be all right?" tanong nito.

"I think so," kibit-balikat niya.

"Si Manang na muna ang bahala sa iyo," paalam nito at lumakad patungo sa gilid ng malaking bahay. Kung ano ang gagawin nito roon, wala na siyang pakialam.

May tinawag na pangalan ang matandang babae na kaagad dumating, bitbit ang isang malaking

tuwalya. Iniabot nito iyon sa dalaga. "Gamitin mo muna ito para maibsan ang ginaw mo," magiliw nitong sabi. Inakay siya nito papasok sa loob ng bahay.

Napahanga siya nang matuklasan na ang bawat bahagi ng bahay ay nagpapakita ng kasaganaan.

"Halika na." Nagulat siya sa tinig na iyon ng nakangiting matanda.

---

Napabuntong-hininga si Sarah habang sinisilip ang labas ng bahay sa bintana ng silid na pinahiram sa kanya ni Anton. Somehow, she felt helpless na kailangan niyang tanggapin ang tulong ng taong ngayon lang niya nakaharap.

"Mamaya pa titila 'yan," ani Manang Belen nang mapunang pinapanood niya ang ulan. Ibinaba nito sa isang mesa ang tray ng pagkain. Kinuha nito ang puswelo ng umuusok na kape, pagkuwan ay iniabot iyon sa kanya.

"Thank you po," nakangiting sabi niya..

"Ito ang unang pagkakataon na nakita kita dahil ngayon ka lang dinala dito ni Anton. Girlfriend ka ba niya?" tanong nito habang pinagmamasdan siya.

"Manang Belen..." tawag ni Anton nang bumungad ito sa entrada ng silid.

"Ah, Anton. Nandiyan ka na pala," anang matanda at ngumiti rito.

Pumasok sa loob ang binata. Hawak nito sa isang kamay ang isang oversized navy blue sweatshirt. Lumapit ito sa dalaga at iniabot ang damit sa kanya. "Isuot mo muna ito at baka magkapulmonya ka," saad nito sa seryosong tono.

Napatingin si Sarah sa sweatshirt.

"Salamat na lang. Mas mabuti pa kung ipapahatid mo na lang ako," tugon niya.

"Are you sure?" tanong ng lalaki. Subalit mabilis na kinuha ni Manang Belen ang damit sa kamay nito.

"Oy, huwag na kayong mag-away. Magbihis muna kayo at baka kayo magkasakit." Pinandilatan nito ng mata ang amo bago hinila ang dalaga patungo sa banyo na nasa silid ding iyon. Pinanood lamang sila ni Anton. "Iabot mo sa akin ang mga hinubad mong damit, hija," bilin nito bago siya pumasok sa loob ng bathroom.

Atubili siyang lumingon dito bago tumango. Sumulyap muna siya sa lalaki na nakatayo sa

di-kalayuan. Nagtama ang kanilang mga mata. Namumulang nag-iwas ng tingin si Sarah at nagmamadaling binuksan ang pinto ng banyo at pumasok doon.

---

Naligo muna si Sarah. Nang matapos ay iginala niya ang paningin sa loob ng banyo habang tinutuyo ng tuwalya ang buhok. *Nice...* sa loob-loob niya bago napagtuunan ng pansin ang damit na ipinahiram ng lalaki. Antonio Villahermosa... so he's a bachelor pero walang girlfriend? Duda siyang wala itong special someone sa buhay nito. Sa hitsura nito, hindi malayong nagbibilang ito ng babae.

Isinuot niya ang sweatshirt at hindi siya makapaniwala nang mapagmasdan ang sarili sa salamin ng banyo. Nakasuot siya ng damit ng isang estranghero. Umabot lamang sa kalahati ng hita niya ang haba niyon. Subalit nakadama siya ng ginhawa. Sinuklay muna niya ang buhok gamit ang mga daliri bago lumabas ng banyo.

Nakangiting mukha ni Manang Belen ang sumalubong sa kanya. "Pasensya na po kayo," paumanhin niya habang iniaabot dito ang mga basa niyang damit. Napangiti lamang ito.

"Huwag ka nang mahiya. Ang mga amo ay talagang pinagsisilbihan. Hindi na bago sa akin 'yon." Nag-umpisa na itong maglakad patungo sa pinto. "At isa pa, para ka na ring si Sylvia," saad pa nito. "Ano nga pala ang pangalan mo at taga-saan ka? Kanina pa tayo nag-uusap pero hindi ko alam kung sino ka," natatawa nitong turan habang tinatalunton nila ang daan patungong komedor.

"Sarah po, Manang Belen," tugon niya habang hinahawi ng kamay ang ilang hibla ng buhok na bumagsak sa mukha niya.

"Sarah... Bagay sa 'yo dahil maganda ka," anito at bahagyang lumingon sa kanya.

Nahihiyang ngumiti ang dalaga.

---

Samantala, parang namamalikmata si Anton sa nakikita. Isang magandang nilalang ang naglalakad palapit sa kanya. Wala itong sapin sa paa, nakahantad ang mga binti nitong mahaba, makinis at maganda ang kurba. Pakiramdam niya ay may gumapang na init sa kanyang katawan pagkakita sa alluring na hitsura nito. Seeing her wearing his own sweatshirt drove his senses wild. And maybe she had nothing beneath it.... *Oh, Anton, stop it!* sita niya sa isip.

Yet he couldn't take his eyes off of her habang dinadala niya sa bibig ang tasa ng kape.

Napakislot naman si Sarah nang makita ang lalaking nakatayo malapit sa bukana ng dining room, hawak ang tasa ng iniinom nito. Their eyes met and on instinct ay sinadya niyang magpahuli sa likuran ng matandang babae nang makita niyang bumaba ang tingin ni Anton sa mga binti niya.

She saw a glint of devilish delight in his eyes. Ganoonpaman, ngumiti siya.

"Let's eat first before you go," pormal nitong saad habang naglalakad papasok sa komedor.

Saka lamang napansin ng dalaga na may nakahain nang hapunan sa mahabang dining table.

"Salamat. Pero okay na 'yong kape sa akin kanina," nahihiyang tanggi niya.

Napatingin sa kanila si Manang Belen at napangiti sa pag-aakalang nag-aaway ang dalawa.

Napabuntong-hininga si Anton. Ang kaharap niyang dalaga ay kaiba sa mga babaeng nakilala na niya. Mga babaeng lagi na ay kumikislap ang mga mata habang nakikipagtitigan sa kanya. Pero kay Sarah, wala siyang mabanaag na anumang emosyon

sa mga mata nito tulad ng kilig.

Hinila niya ang katapat na upuan. "Please samahan mo na akong kumain. Nakakawalang-ganang kumain nang nag-iisa. Kahit 'yon man lang ang magiging bayad mo."

Nagulat ang dalaga. "Bayad ko? For what?"

"For my help. I got you out of your unfortunate adventure, remember?" napangiti nitong tugon.

Napangiti na rin si Sarah. "My unluckiest day," tugon niya.

"But my lucky day."

Nagtatakang napatitig siya rito.

"I met you." And he smiled at her tenderly that she felt her heart jump. "Let's eat first then I'll bring you home."

Nanlaki ang kanyang mga mata. "Ikaw ang maghahatid sa akin pauwi?"

Tumango ang binata. "Oo. Bakit, may problema ba kung ako nga ang maghahatid sa 'yo?"

Umiling na lamang siya.

---

"You have a nice place, Miss Manzano," komento ni Anton nang mapagmasdan ang paligid ng bahay ng dalaga nang makarating na sila roon.

"Thank you." Napangiti si Sarah. "This is the masterpiece of my mom," saad niya ngunit nabahiran ng lungkot ang kanyang tinig.

Mula sa tinitingalang magarang chandelier na nakakabit sa ceiling ay napalingon si Anton sa dalaga. And his eyes met the gaze of the gray eyes. He found them tantalizing... tila tumatagos sa kaluluwa niya ang soulful nitong mga mata. Pakiramdam niya ay nalulunod siya habang nakikipagtitigan sa babae. Napakurap siya.

"Have a seat, please," alok nito and he mumbled his thanks.

Tumalikod si Sarah upang magpunta sa kusina. Mayamaya ay lumabas ito, dala ang tray ng tinimplang kape. Iniabot nito iyon sa binata.

"Ako mismo ang nagtimpla niyan. It's a token of gratitude," saad nito habang dinadala niya sa bibig ang tasa.

Sandaling natigilan si Anton, pagkuwa'y lumalam ang mga mata niya.

"Is there something wrong?" tanong ni Sarah.

Umiling siya. "It's great… I mean the taste. Thanks." Itinaas niya nang bahagya ang hawak na tasa.

"Sarah. Call me Sarah."

"Sarah," he said in a very seductive way. "Thanks for the coffee. I think I need to go. By the way call me Anton." Tumayo na siya.

Tumayo na rin ito para ihatid siya hanggang sa pinto. "Thank you so much, Anton."

"It's a pleasure meeting someone like you," tugon nito.

Hindi na nakapagsalita ang dalaga nang tumalikod si Anton. When she found the words to say 'thank you' again, she doubted kung narinig pa iyon ng lalaki.

# 3

Tahimik na nagmaneho pabalik ng sariling rancho si Anton. Okupado ni Sarah ang isipan niya… lalo na ang magagandang mata nito na siyang kahinaan niya sa mga babae.

Something stirred up in his mind. Naalala niya ang pangungulit ng kanyang ina na mag-asawa na siya dahil naiinip na umano itong magkaapo.

At his age, kailangan na raw niyang kumuha ng babaeng makakasama sa buhay.

Subalit para sa kanya, ayaw na niya ng tulad ng mga babaeng dumaan sa buhay niya. But a woman with substance; iyong magugustuhan ng parents niya. Nag-iisang anak lamang siya at pakiramdam niya ay obligasyon niya sa mga magulang ang paluguran ito.

And love?

It was not necessary. He had friends who fell in love easily; got married hastily. Then fell out of love and went their separate ways.

He smiled. She was still in his mind—that lady

with the gray eyes and sweet smile.

Pakiramdam ni Anton, magkakaroon ng bagong kabanata ang buhay niya. He knew Sarah's eyes would haunt him for the next  nights to come.

---

"So the princess got her knight-in-shining-armor," anang nanunuyang tinig sa likuran niya.

Mabilis na napalingon si Sarah. "What do you mean by that, Paul?" banayad niyang tanong.

Bahaw na tumawa ito. "The high and mighty Anton Villahermosa. Hindi ba at siya ang kasama mo kagabi? Mamamasyal daw at hindi nagdala ng kasama." Umiiling ito habang nagsasalita.

Napakunot-noo siya. "I've never met him until last night. Tulad ng sinabi ko, nakita nila ako sa pinakadulong bahagi ng—"

Subalit hindi niya naituloy iyon nang tumikhim ito.

"Your story. Well, gusto kong maniwalang isinilang kang sadyang mapalad, Sarah." Hinagod siya nito ng nang-uuring tingin at saka tumalikod habang nagsasalita. "Pero baka malasin ka dahil siya ang nakilala mo."

Hindi nakakibo ang dalaga. Sinundan niya ng tanaw ang lalaki at napabuntong-hininga. Nami-miss niya ang dating si Paul, noong sila ay mga bata. Mga panahong sila ay masaya, and he was a good brother to her.

---

Napakunot-noo ang dalaga at mabilis na inilapag ang binabasang magazine sa center table.

"Pakiulit nga ang sinabi ninyo, Mang Raul," ani Sarah. Hindi halos niya narinig ang sinabi ng katiwala sa palayan nila.

"Nasabi ko nga ho. Nasusunog ang dalawang kamalig at nadamay maging iyong nakatakdang anihin sana bukas. Nadilaan ho ng apoy ang dahon nito at tuluy-tuloy nang kumalat."

"N-nasusunog," wala sa sariling ulit ni Sarah.

"Oho.."

Mabilis siyang tumayo mula sa kinauupuan at tinakbo ang daan patungo sa kuwadra.

Nanlumo siya matapos makita ang nasusunog na imbakan nila ng palay. Mula sa sinasakyan niyang kabayo ay tanaw niya ang paglamon dito ng apoy. Ang makapal na usok ay tinatangay ng hangin

paitaas at sa di-kalayuan ay naroon ang mga tauhan nila na tulung-tulong sa pag-iigib ng tubig upang maapula ang apoy.

Unti-unting lumapit doon ang dalaga. "Nasaan si Paul? Alam na ba niya ang nangyari?"

"Alam na ho, Miss Sarah. Pero wala na rin hong nagawa dahil sa bilis na pagkalat ng apoy. Iyong truck ho na pamatay-sunog dito sa Manzano ay kasalukuyang pang ipinapagawa. Kung tatawag naman ho sa bayan ay matatagalan pa dahil napakalayo. Sigurado hong wala na rin silang maaabutan."

Marahang kinabig ng dalaga ang renda ng sinasakyang kabayo. Isa na namang trahedya. Hindi pa natatagalan ay nagpalibing siya ng tatlong tauhang namatay sa tama ng kidlat. Ang mga naulila nito ay kailangan niyang tulungan. Lalo na at mga bata pa ang mga naiwan.

Marahan siyang napabuntong-hininga. Sa kamay niya nakasalalay ang lahat sa lupaing hindi halos niya alam kung paano pamahalaan. Magdadalawang buwan pa lang mula noong iwan niya ang trabaho bilang editor sa isang fashion magazine sa Amerika at lumipad patungo rito dahil sa pagkamatay ng mga magulang. At iyon ang una niyang pagtungtong sa

Sta. Barbara, matapos ang ilang taong pag-aaral at pagtatrabaho sa ibang bansa.

Nasa kanya ang bawat pagpapasya. Kailangan niyang maging maingat sa mga desisyon sa lahat ng bagay. Kung hindi, malamang hindi magtatagal, mawawala ang lahat ng kabuhayan nila.

Hinawi niya ang ilang hibla ng buhok na inilipad ng hangin sa mukha. Desperately, she looked up in the sky; tila nanghihingi ng lakas at tapang mula sa langit para magawa niyang balikatin ang lahat ng suliranin.

Isa lang ang alam ni Sarah: hindi niya hahayaang magutom ang mga taong naging katuwang ng mga magulang niya sa mahabang panahon.

---

Napabangon nang wala sa oras si Anton at idinaiti pang lalo ang radyo sa tainga. Biglang naglaho ang lahat ng antok niya. Madaling araw na siya nakauwi dahil sa mga kaibigang nagyayang mag-inuman. Ilang oras pa lamang ang naitutulog niya. Ngunit ang tawag na nagmumula sa tauhan niya ay tila tubig na bumuhos sa natutulog pa niyang diwa.

"Miss Manzano daw, Boss. Paparating na diyan,

may sadya daw sa 'yo," ulit ng nasa kabilang linya.

Mabilis siyang nagbihis at inayos ang sarili bago may pagmamadaling lumabas bumaba. Naroon na nga ang dalaga at naghihintay sa sala. Mula sa itaas ng hagdanan ay napagmasdan niya ito. There was beauty and elegance in her kahit sa simpleng suot nito. Napatingala ito nang maramdaman ang kanyang pagbaba. And he met her soulful eyes.

"What a surprised visit, Sarah. Good morning to such a splendid beauty." Nilangkapan niya ng biro ang tinig. Nasa kalagitnaan na siya ng hagdanan noon.

Napatayo ito. "Good morning. I'm sorry for the uncalled—"

"No," putol niya sa sasabihin nito. "For a lovely lady to greet my morning, it's my pleasure," nakangiti niyang saad habang iminumuwestra ang sofa rito. "Can I offer you anything?" Naupo siya sa katapat nitong upuan.

"Salamat. Pero katatapos ko lang mag-agahan."

"So what's the purpose of…? I mean, this visit?"

Hindi alam ni Sarah kung paano magsisimula.

Marahan itong napahugot ng hininga. "I need

some help."

"Help?"

"Yeah," nahihiyang tango ng dalaga saka ipinaliwanag ang samu't saring problemang kinakaharap nila sa rancho. "And I'm afraid. I don't want to lose it that way. Matagal itong pinaghirapan ng mga parents ko."

"Ano'ng maitutulong ko?"

Muli ay natigilan ang dalaga at napatitig sa mga mata ng kaharap bago nito natagpuan ang sariling nagsasalita. "Can you help me, Anton?" she asked desperately.

"How can I help you?"

"As I told you, financially… and maybe some managing ideas. I have no one to trust regarding this matter. And perhaps..."

Amused na tumaas ang isang kilay ng kaharap. "You trust me?"

"Yes… somehow. I don't know."

Napailing habang nakangiti si Anton. In a short span of time, siya ang napili ng dalaga na pagkatiwalaan sa mga problema nito. Ilang buwan

pa lamang silang magkakilala. Iilan pa lang ang alam nila sa isa't isa. Yet, he had this kind of feeling na tila matagal na silang magkakilala. Madali silang nagkagaanan ng loob mula nang una silang nagkakilala.

Matagal na napatitig si Anton sa mukha ng dalaga, particularly in those gray eyes. May slight confusion siyang nababanaag doon, ngunit pilit iyong nilalabanan ng dalaga.

"You can't afford to lose everything, right, Sarah?" tanong niya sa banayad at seryosong tinig.

Napailing ang dalaga. Iniiwas nito ang tingin. "Napakahalaga niyon sa akin."

"And you will do everything upang hindi ito mawala sa 'yo."

"Para sa mga magulang ko at sa mga taong umaasa dito."

Sandaling natigilan si Anton. Pinakatitigan niya ang babaeng ngayon ay nakatingin sa kawalan. Napangiti siya; naroon ang kislap sa mga mata.

"Then marry me, Sarah." The words slipped from his mouth bago pa man niya napag-isipan. Marahas na napalingon ang dalaga.

"What!" nanlalaki ang mga matang bulalas nito.

"Marry me, Sarah.That's the only way I could help you. No, let me finish first," sansala niya nang makitang papabuka ang bibig ng dalaga. "Matagal na akong kinukulit ng parents kong mag-asawa. I need to have my own family. Kailangan nang mag-retire ng Papa dahil medyo mahina na ang katawan niya, lalo na ang puso niya. Pero hindi niya iyon gagawin, unless makitang kasal na ako. Saka lang niya iiwan sa akin ang lahat-lahat ng aming businesses."

"Ano naman ang kinalaman n'on sa hinihingi kong tulong?" gulat niyang saad.

"Listen carefully, Sarah. I can't find any woman, for now, to be my wife. Help me, so that I can help you," he said convincingly.

Napapailing si Sarah. Hindi siya makapaniwala sa narinig. Tama bang kasal ang hingin nito kapalit ng hinihiling niyang tulong?

And he said he could not find the right woman to marry, how come?

Napatitig siya sa lalaki. Bahagyang namilog ang mga mata niya sa naisip.

"A-are you g-gay, Anton?" banayad niyang

tanong sa tinig na hindi makapaniwala.

“Of course not!” Napadilat ang mga mata ni Anton sa narinig. Mabilis itong napapihit mula sa kinauupuan. “Mukha ba akong bakla?”

Napahiya naman si Sarah at namula. In her eyes, Anton looked every inch a very virile man. Saan ba niya napulot ang ideya na iyon?

“Huwag mong masamain ang sinabi ko. I'm just curious. Any woman can fall in love with you. How come wala kang makuhang bride? And why me?” naiintrigang tanong ng dalaga. “I don't love you and you're not in love with me either.”

“Sabi mo nga, any woman can fall in love with me,” nagkibit-balikat ito, “who knows…” Tumitig ito nang matiim sa mga mata niya.

Sarah blushed again. Sinasabi ba nitong hindi siya exception sa mga babaeng iyon? Na kaya rin siya nitong paibigin?

“But that's beside the point. Ikaw ang nangangailangan ng tulong ko at sinabi ko lang ang gusto kong kapalit niyon. As for my reason kung bakit iyon ang hiniling ko… ” Sandali itong huminto and shrugged his shoulders, “Anyway, we'll both benefit from it.”

Sarah was stunned, and was speechless for seconds. Madalas siyang makapanood ng mga pelikula na ganoon ang tema, may mga kakilala rin siyang sumuong sa ganoon, pero nunca niyang na-imagine man lang na siya mismo ay magpapakasal for convenience. "Are you serious, Anton?" naitanong niya.

Tinitigan siya nito na para ba siyang apparition na nasa harap nito. "I'm serious, Sarah," pagkuwa'y walang kurap nitong tugon."

Napailing ang dalaga. "Then, forget this day, Anton," mariin niyang saad kasabay ng pagtayo at pag-iwan sa lalaki.

"Sarah… "

Hindi na lumingon ang dalaga. Tuluy-tuloy siyang lumabas at bahagya lamang tinanguan ang matandang babaeng nakasalubong. Ito rin ang dati ay nagpala sa kanya noong una siyang napadpad sa bahay na iyon.

Napabuntong-hininga naman si Anton. Isinandal ang tila napagod na katawan sa sofa at patingalang ihinilig ang ulo.

*Anton, nababaliw ka na siguro*, aniya sa sarili. Sukat ba namang alukin niya ang dalaga ng ganoong

deal?

---

Mariin ang ginawang paghagod ng dalaga sa noo. Mula sa kinauupuan ay napatingala si Sarah sa nakatayong tauhan sa harap niya.

"Ano pa po, Mang Raul?"

Nasa mga mata nito ang concern at simpatya sa kanya. "Totoo ho ang balita, Miss Sarah. Hindi makapagbenta ng baka ngayon dahil nag-aalangan ang mga buyer. Marami ho kasing mga namatay noong isang linggo dala ng lumalaganap na sakit sa mga hayop. Paalis na rin ho ang ating veterinarian," pagbibigay-alam nito.

"Noon pa ho siya nagpaalam. Naantala lang dahil sa balitang epidemya na nakapasok na dito sa atin. Pero nakatakda na talaga siyang umalis patungong New Zealand."

Napabuntong-hininga ang dalaga at wala sa sariling nilaro ng kamay ang hawak na ballpen. "Ano kaya ang dapat kong gawin?" Ang tanong ay para lang sa sarili niya sana. Subalit dahil naisaboses niya iyon, sumagot ang nasa harap niya.

"Una po, kailangan natin ng beterinaryo, Miss

Sarah. At kung tungkol naman po sa malaking perang maaaring kailanganin, puwede tayong lumapit sa bangko," anang matanda.

"Pero napakalaki po ng interes doon."

"Ganoon ho talaga," tugon nito na hindi na pinagtuunan ng pansin ng dalaga.

"Sige ho, Mang Raul. Salamat po."

Bahagya pang yumuko ang kausap bago tumalikod sa kanya. Ngunit nang makaalis ang lalaki ay napasubsob siya sa mga palad. Para bang pinapanawan ng lakas ang kanyang mga tuhod; nanlalamig ang pakiramdam niya.

Kahapon ay nanggaling na siya sa bangko, hindi niya ipinaalam na iyon ang naging sadya niya sa bayan. Subalit nakakalula ang mga kondisyong inilatag ng mga ito sa kanya. At wala pa siyang alam kung iyon ba ay makatarungan. Wala ang abogadong pinagkakatiwalaan ng mga magulang. Kasalukuyan itong nasa Amerika at may sakit.

*"Leave it to me, Sarah. Bigyan mo ako ng Power of Attorney. Ako na ang bahala sa lahat," hiling ni Paul. "Alam ko na ang mga ito, Sarah."*

*"Hindi na, Paul. Makakaisip din ako ng paraan*

*para makabangon tayo," aniya.*

*"Katulad ka rin ng Papa at Mama. Ni minsan, hindi ninyo ako binigyan ng pagkakataon na patunayan ang kakayahan ko." Naroon ang kinukubling galit at hinanakit sa tinig nito.*

*"Dapat ka na nga bang pagkatiwalaan, Paul?" tanong niya na ikinatigagal nito.*

*"Damn you, Sarah," he cursed at ibinalya nito ang upuan sa harap nito at saka lumabas ng bahay.*

Bumalik ang isip niya sa kasalukuyan. Totoong nahihirapan na siya, pero wala siyang balak sumuko. Matagal na siyang nag-iisip nang masulyapan ang teleponong nasa tabi ng flower vase.

Bumalik sa isip niya ang alok ni Anton Villahermosa. Isang linggo na rin mula noong sadyain niya ito sa bahay ng binata at sa loob ng nakaraang mga araw, hindi nawala sa isip niya ang proposisyon nito. Ilang beses niyang tinimbang nang paulit-ulit ang mga options niya. Ngayon, buo na ang desisyon niya.

Matapos ang mahaba at malalim na hininga, umayos siya ng pagkakaupo at dinampot ang telephone directory. Hindi naman siya nahirapang hanapin ang pangalan ni Antonio Villahermosa roon.

Bubuksan na sana ni Sarah ang pinto ng kanilang bahay nang abutin ni Anton ang baywang niya at hapitin siya. Iniharap siya nito at hinaplos ang mukha niya nang mabini.

"Anton," saway niya. Alas nueve na noon ng gabi at walang ibang tao sa paligid. Sa tingin niya, hindi na nito kailangang umarte pa na tila tunay ang relasyon nila.

Natawa ito. "Our wedding will take place in two weeks time, Sarah, sweetheart. You have to get used to this." He kissed her forehead ever so gently.

Inihatid siya ng 'nobyo' sa ancestral house nila matapos nilang mag-dinner sa bayan, sa isang first class restaurant.

Mula noong tawagan niya ito at ipaalam dito ang kanyang pagpayag sa proposal nito, madalas na silang lumabas. Ngunit ngayon, maraming tao tiyak ang nakakita sa kanila. Curiosity and envy were evident in their eyes. Hindi na kailangang mag-isip pa kung may relasyon sila ng lalaki. With the way he was treating her, everybody would think that he was very much in love with her.

Honestly, she was enjoying it. Kahit kunwari

lang, she was proud na siya ang kasama nito. Pero ayaw niyang masanay roon. Mahirap na…

"Yes, but don't expect a submissive wife, Anton," aniya.

"I'd bet on that," nakangiti nitong saad at magaang na hinaplos ang buhok niya. "I need to go," paalam ng lalaki saka tinungo ang kotse nito.

Hinatid niya ng tanaw ang paglayo ng sasakyan nito. Pagkatapos, saka lang niya itinuloy ang pagbubukas ng pinto ng bahay. Madilim na mukha ni Paul ang bumungad sa kanya nang magtungo siya sa komedor.

"So totoo ang balita. You easily fell for Villahermosa. Tama ba ako, Sarah?" nanunuyang tanong nito. Hindi nito itinago ang galit sa mga mata.

"Anton Villahermosa will be my husband, dalawang linggo mula ngayon, Paul," walang anumang deklara niya habang kumukuha ng tubig sa refrigerator.

"A-ano'ng sinabi mo, Sarah?" di-makapaniwalang saad nito.

Inubos muna niya ang laman ng baso bago ito

sinagot. "You heard it right. I'm getting married." Ibinaba niya ang ginamit na baso sa mesa at nilampasan ang natigilang lalaki.

Isang malakas at nanunuyang halakhak ang pinakawalan ni Paul. "Sa tingin ko'y nagkamali ka ng piniling masisilungan, Sarah. Isasama ka lamang ni Villahermosa sa mahabang listahan ng mga babaeng pinaluha niya."

Hindi niya ito pinansin kahit alam niyang may katotohanan ang sinabi nito. Dere-derecho niyang tinungo ang kanyang silid.

# 4

Napabalikwas ng bangon si Sarah nang mamulatan ang liwanag sa silid na noong una ay hindi niya nakilala. Saka niya naalala, iyon nga pala ang bago niyang silid… which she had shared with her husband last night. Nag-init ang mga pisngi niya sa alaala ni Anton na nakayakap sa kanya buong gabi.

Tumayo siya, tinungo ang bintana at hinawi ang makapal na kurtina. Napatingin siya sa ibaba. This was her new place, ang tahanan ng lalaking pinagkatiwalaan niya.

Napabuntong-hininga siya at napalingon sa yabag na papalapit sa kinaroroonan niya. Bumukas ang pinto at iniluwa niyon si Anton. Nakangiti ito sa kanya.

"Good morning. You slept well last night," saad nito habang papalapit. He was wearing a blue sports shirt and white shorts. Nakalitaw ang mabalahibo nitong binti.

"Good morning," tugon ni Sarah. Iiwas pa sana siya subalit hindi na niya iyon nagawa nang mabilis itong nakalapit at gawaran siya ng halik sa noo.

"You looked good as ever. Napakaganda kahit bagong gising," anito habang matamang nakatitig sa kanya. "Let's have breakfast, nagugutom na 'ko."

Humakbang siya palayo rito at lumapit sa banyo. "Sana nauna ka na lang. Maliligo pa ako." Nagulat siya nang abutin nito ang balikat niya. "A-Anton…"

"Let's start our first day together like a real married couple. Totoo ang kasal natin, Sarah. Hindi masama kung gagawin natin ang normal na ginagawa ng mag-asawa…"

The huskiness in his voice made her cheeks grow hot. Alam niya kung ano ang tinutukoy nito. And stupid of her, hindi niya naisip noon ang posibilidad na hihingin nito ang karapatang iyon bilang asawa niya.

Napangiti ito nang makita ang reaksyon niya. "I'll gladly do my part, Sarah… if you are willing," nanunudyo pa nitong sabi.

Ngumiti siya upang pawiin ang abnormal na nararamdaman. "Thank you for the consideration. I really appreciate it," tugon niya at mabilis na tinawid ang banyo.

Ngunit bago niya nakabig pasara ang pinto niyon, nagsalita muli si Anton. "But don't make me

wait too long, sweetheart." There was a trace of mischief in his voice.

Bahala na kung anuman ang ibig nitong sabihin.

Pagkaligo, nagtungo na siya sa komedor. Naabutan niya roon ang matandang kasambahay na si Manang Belen. Agad itong bumati sa kanya at pinaalam na hinihintay na siya ng asawa sa likod-bahay.

Itinuro nito ang daan patungo roon at napasinghap siya saka huminga nang malalim sa mabangong hangin na hatid ng iba't ibang uri ng bulaklak doon. Sa bandang gilid ay naroon ang isang man-made lagoon, na may malaking fountain sa gitna. Ang paligid ay puno ng berdeng damo na pantay ang tubo. Binaybay niya ang sementadong daan; sa dulo niyon ay isang maliit na kubo. Natigilan siya nang maabutan sa labas niyon si Anton na nakangiti sa kanya.

"Like it?" tanong nito. Tumayo ito and held his one hand out to her.

"Fantastic," tugon niya. Sinalubong siya nito at iginiya sa pandalawahang mesang yari sa bakal. Naroon iyon sa labas ng kubong nipa.

"It's all yours. Mamaya mo na tingnan," saad

nito nang hindi niya mapigilang igala ang mga mata. "Let's have our breakfast, gutom na talaga ako."

And so they had their first breakfast together matapos ang kasal nila. Napapangiti si Anton habang kumakain. Amused na pinagmasdan niya ang babaeng hindi mapigilang tingnan ang paligid kasabay ng pagnguya.

Her eyes widened nang mapadako ang kanyang tingin sa malaking orchids. "Waling-waling."

Sinundan ni Anton ng tingin ang tinitingnan nito at napangiti. "Yes. Vanda Sanderiana. Sylvia brought it here all the way from Davao, years ago."

Napatingin si Sarah sa lalaki. *Sylvia, who?*

Ngunit hindi na siya nagtanong nang makita ang pagguhit ng tuwa sa mukha ng lalaki.

Noon niya na-realize kung gaano ka-minimal ang alam niya tungkol dito. He's thirty-two years old, had a masteral degree in Management. Theresa ang pangalan ng mama nito at Rodelio ang papa. Mayaman ang angkan ng asawa niya and he had lots of friends na mula rin sa may sinasabing pamilya. Iyon lang. Iilang bagay.

"Why?" takang tanong ni Anton nang mapunang

nakatitig siya rito.

Wala sa sariling napailing si Sarah at inabot ang juice at iniinom ito.

"What do you have in mind?"

"Nothing, just nonsense thoughts," tugon niya at bahagyang inilayo ang tingin.

May ilang sandaling lumipas na tumitig lang ito sa kanya. "Kung anuman ang iniisip mo, and you want it to share with me, okay lang. I'll appreciate it. If you have questions, just let me know. I'll answer it kung kaya ko, Sarah. The secret to a happy relationship is good communication. It's one of the most important ingredients of a long lasting relationship."

Napaingos siya. Parang nakakalimutan nitong isa lamang kasunduan ang kanilang relasyon. Imposibleng matawag iyong 'long lasting'.

"Kailan ka pupunta ng Manzano?" pagbabago niya sa paksa ng usapan.

Mabilis na ibinaba ng lalaki ang hawak na tinidor at tumingin sa asawa. "Dadalaw ako doon mamaya."

"Sasama ako."

"Akala ko'y lilibutin mo muna itong paligid ng bahay?"

"Marami pa akong araw para sa bagay na 'yan. Gusto ko lang makita—"

"I'll do what I promised you, huwag kang mag-alala." Tumayo ito. "You'll get the help that you asked from me." Marahan nitong inabot ang kamay niya at isa-isang hinalikan ang bawat daliri niyon.

Nanlalaki ang mga matang napatitig si Sarah sa asawa. Hindi niya malaman kung babawiin ang kamay mula rito. Dumaloy ang kiliti na hatid ng halik nito sa buong katauhan niya. She should not feel that way, pero paano nga ba niya iyon pipigilan?

Tinangka niyang haltakin ang kamay.

"Not yet, sweetheart. We need to seal the deal," pabulong nitong saad in a teasing voice.

Napalunok si Sarah. "W-what do you mean by…"

Hindi na niya naituloy ang sasabihin nang marahan siyang itayo ni Anton mula sa kinauupuan. Nang anyo siyang kakabigin nito ay isinangga niya ang isang kamay. Ngunit hinuli iyon ni Anton and put it on her side. His eyes were gleaming and she

was not able stop him when he bent his head so their lips would meet.

There was no gentleness in his kiss, only expert sensuality. Before she realized, his hot tongue had made its way past her lips and teeth. Ginalugad nito ang lahat ng sulok ng bibig niya. Hindi niya namalayan na ang sarili niyang mga kamay ay nakayakap na pala sa leeg ng lalaki. His kisses made her forget na nasa labas sila. He knew how to gain response and he did it with merciless adeptness which left her gasping. Saglit na itinaas nito ang mukha at matamis na napangiti bago idinikit ang mga labi sa kanya nang magaan at mabilis.

“That's one hell of a kiss for sealing a deal, sweetheart,” anito habang pareho nilang hinahabol ang paghinga.

Inalis niya ang pagkakahawak nito sa kanyang baywang. Without a word, tumalikod siya at umalis.

Hindi niya malaman kung ano ang dapat niyang isipin o maramdaman.

---

Dinama ni Sarah ng isang daliri ang mga labi habang nakaharap sa salamin. Hindi na niya kailangan ng lipstick. Her lips were red and still

swollen from his kisses.

Napapikit siya at pinagalitan ang sarili sa muling pagsalakay ng kakatwang sensasyon sa katawan niya. Halik lamang ang pinagsaluhan nila ng asawa subalit tinangay na niyon palayo sa kung saan ang tamang huwisyo niya. Paano kung higit pa sa halik ang…?

Marahas niyang iniling ang ulo. *Enough, Sarah!*

Umalis siya sa harap ng salamin at hinagilap ang riding outfit niya. Mas mabuting umalis muna siya sa bahay na iyon at baka makatulong iyon sa paglilinaw muli ng utak niya. Pagkabihis, tinalunton niya ang daan palabas ng malaking bahay at nagtungo sa kuwadra.

Agad niyang nakita ang stable boy at itinuro rito ang kabayong nais niyang gamitin.

Napakamot ang lalaki. "Pero wala pong sinabi si Sir Anton na aalis kayo ngayon," banayad nitong saad. Nag-aalala ang tinig.

"Alam niyang aalis ako. Huwag kang mag-alala, hindi ka n'on pagagalitan. Sige na."

Nang tumalikod ang lalaki ay napabuntong-hininga si  Sarah. Lahat ba ay kailangang sabihin

muna ni Anton? Bawal bang magdesisyon siya para sa sarili niya?

Nagulat siya nang may dumantay na palad sa balikat niya. Marahas na nilingon niya ito. Si Anton iyon.

"Si Thunder, Molong," pasigaw nitong utos sa tauhan saka umakbay sa kanya. Muntik na siyang mapapiksi roon.

Napalingon ang utusan at tumango kay Anton.

"Sasabay ka na sa 'kin?" gulat na usisa niya sa asawa.

"Ayaw mo ba akong kasama, sweetheart?" Nakatitig ito sa kanya nang mataman.

"A-akala ko kasi n-nakaalis ka na," pagsisinungaling niya. Talagang balak niyang unahan itong umalis. Pakunwari siyang yumuko at inayos ang pagkaka-tuck in ng t-shirt niya upang makawala sa pagkakaakbay nito. She could not stand being in his arms for too long. Baka masyado niyang ma-enjoy iyon at hindi na niya gustuhing umalis pa sa yakap nito.

Dumampi ang mainit na hininga nito sa pisngi niya at leeg. At tila siya napaso. Muli niyang itinuwid

ang katawan at bahagyang lumayo para hindi niya mararamdaman ang init ng katawan nito.

Pero tila manhid ang lalaki dahil humakbang ito palapit at inabot ang baywang niya. He held her close to him at tuluyan siyang ikinulong sa mga bisig nito.

Alam niyang maraming mata sa paligid kaya hindi na siya umiwas. She needed to act as a loving wife. She smiled at him nang halikan nito ang buhok niya. Akala niya, iyon lang gagawin nito. She shivered when he bent his head down on her shoulder and gave love bites on her flesh…

"A-Anton, stop it," pabulong niyang saway. She tingled to her very core. Marahan niyang itinulak ito. Pinakawalan naman siya nito ngunit inilipat lamang ang kamay sa palad niya.

Napakunot-noo siya nang makitang iisang kabayo lamang ang hila ng utusan.

"I want my Lucky, Anton," she demanded without looking at him.

"Oh, I'm sorry. Forgive me, sweetheart. But the vets did a routine injection this morning. Hindi pwedeng sakyan ang kabayo mo." Idinaiti nito ang bibig sa tainga niya, "You will ride Thunder with me

behind you."

Hindi na siya kumibo. Naalala niyang roon din siya sumakay noon nang una silang magkakilala ni Anton.

Muntik nang mapasigaw si Sarah nang buhatin siya ni Anton at isinampa sa kabayo nito. Mabilis din itong sumakay. His chest pressed against her spine.

Minsan pa ay naikulong siya sa mga bisig ng asawa nang abutin nito ang renda.